

GLYPHOTEX 480SL

HERBICIDE

Registered with the Fertilizer and Pesticide Authority Pursuant to PD 1144
FPA Registration No. 242-151-2011

ACTIVE INGREDIENT:

Isopropylamine salt of glyphosate... 480 g/L
(Glyphosate acid equivalent)..... 360 g/L

INERT INGREDIENTS:

Solvent-Water..... 267 g/L
Others..... 120 g/L



- ✓ Ang Glyphotex 480SL ay mabisang pamatay ng pesteng damo gaya ng kugon, talahib, agringay at marami pang iba.
- ✓ Maaaring gamitin bago o pagkatapos magtanim ng Glyphosate Tolerant na mais.
- ✓ Ito'y angkop din gamitin sa taniman ng mga bungang-kahoy, madadamong pilapil ng palayan, gilid ng kalsada, bakuran, daluyang kanal o patubigang-kanal at sa mga lugar na may nakakasagabal na damo.
- ✓ Ang Glyphotex 480SL ay epektibo at dekalidad na produktong mabibili sa isang litro at isang galong lalagyan.
- ✓ Ito'y siguradong abot-kaya na iyong mabibili sa mga awtorisadong dealer at reseller ng Texicon Agriventures Corporation.

Ang Mabisang Pamatay-damo

DIREKSYON SA PAGGAMIT:

Lagyan ang tankeng pambomba ng kalahati sa kailangang tubig. Idagdag ang kaukulang dami ng **Glyphotex 480SL** base sa pangangailangan na makikita sa talahanayan. Haluin itong mabuti bago idagdag ang natitirang tubig para sa isang puno ng tankeng pambomba. Para sa napsak o backpack sprayer, mas mabuti na haluin ang solusyon sa hiwalay na lalagyan bago ilagay sa napsak. Sa panahon ng maagang tagtuyo, ang mababang bilang ng pag-spray ng **Glyphotex 480SL** na inilapat sa 200-400 litro ng tubig bawat hektarya ay nagdudulot ng pinakamagandang resulta. Kapag binomba ng pantay-pantay sa mga matataas at siksik na dahon ng kugon o sa mas maikling uri gaya ng mutha grass, ang **Glyphotex 480SL** ay nagbibigay ng pinakamababang 7 buwan na kontrol sa mga damo.

MGA REHISTRADONG TANIM	MGA DAMONG SINUSUGPO	LITRO BAWAT HEKTARYA	DAMI NG GLYPHOTEX 480SL KUTSARA BAWAT 16 NA LITRONG TUBIG	
			12.5 TANK LOADS OR 200 L/HA	25 TANK LOADS OR 400 L/HA
GLYPHOSATE TOLERANT NA MAIS	Itchgrass, Morning Glory, Dayflower, Synedrella, Buttonweed, Spindle Top, Calopogonium, Hairy Beggarsticks, Tropic Ageratum	2 - 4	16 - 24	8 - 12
MANGA, SAGING, KAPE, KAKAW	COGON Shade Conditions Open Conditions	3.0	24	12
		4.5	36	18
GOMA, OIL PALM, NIYOG, CITRUS	MUTHA PARAGRASS TALAHIB FERN	2.0	16	8
		2.0	16	8
		4.5	36	18
TUBO AT IBA PANG GULAY	Shade Conditions OTHER ANNUAL WEEDS	2.0	16	8
		2.0	16	8

1 kutsarang GLYPHOTEX 480SL = 10 mL

Sa sitwasyong ng magkahalo-halong klase ng damo, maglapat ng 2 litro ng **GLYPHOTEX 480SL** sa bawat 200 litro ng tubig at i-spray sa buong damuhan para magbigay ng mabisang kontrol sa pagdami ng mga damo.

Ang 3-30% ng likidong solusyon ng **GLYPHOTEX 480SL** ay maaaring ilapat ng may saklob (wiper) para sa pagkontrol ng mga damo sa paligid ng mga sensitibong pananim gaya ng murang kape, cacao, citrus, mangga, saging, tubo at mga halamang gulay.

MGA SISTEMA NG PAGTATANIM:

*Panlahatang pagbobomba alinsunod sa pagtatanim. Gayundin sa pangkalahatan, sa mahaba't makitid at sa mga partikular na lugar na pagbobomba o ang pagbobomba sa murang gulang na pananim.

*Minimum o mas pinababang sistema ng pagbubungkal ng lupa para sa tubuhan, palayan, maisan at iba pang uri ng halamang butil at halamang gulay.

